Sirena

May isang binatang mahirap na nakatira sa dalampasigan. Hindi siya gaanong maginhawa sa kanyang maliit na bahay. Wala rin siyang gaanong makain. Ngunit kahit ganoon ang kanyang kalagayan, hindi niya nakakaligtaang magtapon ng isang pirasong tinapay sa dagat araw-araw. Iyon ang bilin ng kanyang ina bago ito namatay.

Isang gabi, nang siya'y umuwi buhat sa trabaho, nagulat siya nang makitang malinis ang bahay, maayos ang kanyang higaan, at bagong palit ang mga kurtina. Nang sumunod na araw, nakahuli siya ng kuneho at itinabi niya sa paminggalan. Nang umuwi siya kinagabihan, luto na ang kuneho at nakahain na sa mesa.

Nang sumunod na mga araw, gayon din ang nangyari kaya't minabuti niyang alamin kung sino ang gumagawa niyon sa kanyang bahay. Nagkubli siya sa ilalim ng hagdan at hinintay kung sino ang darating. Di nagtagal, nakarinig siya ng malakas na tilamsik ng tubig sa dagat. Isang malaking isda ang humagis sa dalampasigan at maya-maya'y natanggal ang balat ng isda. Isang magandang babae ang lumantad. Nagwalis iyon sa loob ng bahay, hinugasan niyon ang mga pinggan, at nagluto iyon ng masarap na hapunan. Nang handa na yaong umalis, kinuha niyon ang balat ng isda at isusuot na nang bigla iyong dinaklot ng binata.

"Inay, Inay, tulungan mo ako!" sigaw ng dalaga.

Isang malakas na tinig ang umalingawngaw mula sa dagat. "Huwag kang matakot, Anak ko, sapagkat ang lalaking iyan ang magiging asawa mo."

Natuwa ang binata at pati na ang dalaga. Noon din ay nagpatawag ng pari at ikinasal ang dalawa. Pitong araw na nagdiwang ang lahat.

Isang araw, nang nakaupo sa may durungawan ang babae, nagdaan ang prinsipe ng bayang iyon. Nahalina ang prinsipe sa kagandahan ng babae at isinumpa sa sarili na kailangang makuha niya ang babae. Kaya't umisip ng paraan ang prinsipe.

Ipinatawag ng prinsipe ang asawa ng babae. "Ibig kong ako'y igawa mo ng isang malaking tolda na pagkakasyahan ng lahat ng aking kawal. Bibigyan kita ng tatlong araw. Kapag hindi mo nagawa, pupugutan kita ng ulo."

Alam ng lalaki na hindi niya ito magagawa kaya't labis ang kanyang kalungkutan. Nang tanungin siya ng asawa kung bakit siya nalulungkot, sinabi niya ang dahilan. "Iyon lamang ba?" sabi ng babae. "Hayaan mo at ako ang bahala. Tayo doon sa dalampasigan."

Pagsapit nila roon, tinawag ng babae ang kanyang ina. "Ina, Ina, pahiram ng toldang maliit. Kami ng aking asawa ay magpipiknik."

Ilang sandali lamang, buhat sa dagat ay humagis ang isang malaking tolda. Nang dumating ang prinsipe, namangha siya sa nakita.

"Kung gayon," aniya, igawa mo ako ng alpombrang kasinlaki ng toldang ito. Kapag hindi mo nagawa, pupugutan kita ng ulo."

Muling nalungkot ang lalaki at nang sabihin niya sa babae ang kanyang suliranin, napatawa ito. "Iyon lamang ba?"

Muling nagtungo sila sa tabi ng dagat at doon ay tumawag ang babae. "Ina, Ina, pahiram ng maliit na alpombra."

At buhat sa dagat, humagis ang isang napakalaking alpombrang sinlaki ng tolda. Nang dumating ang prinsipe, nagulat siya sa nakita.

"Kung gayon, bigyan mo ako ng maraming ubas para sa aking mga kawal, ngunit kailangang may matitira pa. Kapag hindi mo nagawa, pupugutan kita ng ulo."

Nang malaman ng babae ang kahilingan ng prinsipe, tumawag siyang muli sa kanyang ina. "Ina, Ina, bigyan mo kami ng maliit na kumpol ng ubas at aming titikman."

Buhat sa kailaliman ng dagat ay humagis ang napakaraming ubas. Nang dumating ang mga kawal ng prinsipe, kumain sila ng kumin hanggang sa sila ay mabusog, ngunit marami pa ring natirang ubas.

Labis na namangha ang prinsipe sa kanyang nasaksihan. Galit na galit ang prinsipe sapakat hindi niya madaya ang lalaki. Umisip siya ng mahirap na utos at nang makaisip ay tinawag ang lalaki.

"Bigyan mo ako ng isang sanggol na tatlong araw pa lamang ang gulang ay nakapagsasalita na. Kapag ang saggol ay dalawa o apat na araw ang gulang, pupugutan kita ng ulo."

Lubhang nabahala ang lalaki. Ang ipinag-uutos ng prinsipe ay mahirap. Ngunit sinabi ng babae, “Ina, Ina, ipadala mo rito ang kapatid kong tatlong araw pa lamang kasisilang. Nalulungkot kami at nais naming may makalaro.”

At buhat sa dagat ay lumitaw ang sanggol na lumalangoy at nang humarap sa dalawa ay sinabi, “Kumusta, Ate? Kumusta, Kuya? Ako ngayon ang makikipag-usap sa prinsipe.”

Nang dumating ang prinsipe, agad umakyat sa kanyang kandungan ang sanggol at walang pakundangang sinabi, “Hindi ka ba nahihiya? Pinahihirapan mo ang aking bayaw. Ngunit sa akala mo na siya ay nahihirapan. Hindi. Magagawa niya ang lahat ng ipag-uutos mo, sapagkat siya ay makapangyarihan. Hindi niya iyon ipinaalam sa iyo sapagkat siya’y gumagalang sa prinsipe. Ibig mo siyang mapatay at pakasalan ang aking kapatid, hindi ba? Kapag hindi ka pa huminto sa kahihiling sa kanya ay maaaring magalit siya sa iyo at lubusin ang buo mong kaharian. Gusto mo bang humantong sa malaking gulo ang iyong pagkamakasarili?”

At biglang napahiya ang prinsipe. Buhat noon, hindi niya na ginambala ang katahimikan ng mag-asawa at humingi siya ng tawad sa lalaki. Matagal na namuhay ang mag-asawa sa tabi ng dagat.

- Hango sa Aklat
Pluma 5

*Sagutan ang Gawain sa mga susunod na pahina…

FILIPINO 5

Gawaing-Papel Blg. 3

Unang Markahan

Pangalan:_____Petsa:_____
Seksyon:_____

A. Bumuo ng balangkas ng kwento sa pamamagitan ng *plot diagram.*

Pamagat:: _____

Mga Pangunahing: _____
_____
_____
_____

Tagpuan/ Panahon: _____
_____

Mga Pangyayari:

a. Simula _____
_____
_____
_____

b. Papataas na
_____
_____

Mga pangyayari
_____
_____
_____
_____

c. Kasukdulan
_____
_____

_____
_____

_____
_____

d. Pababang
_____
_____

Pangyayari
_____
_____

_____
_____

e. Wakas

_____
_____

_____
_____

Anong mga pagpapahalaga/*values* ang nakapaloob sa kwento?

_____
_____

_____
_____

_____
_____

Ano ang mga aral na napulot mo mula sa kwento?

_____
_____

_____
_____

_____
_____

B. Sagutan ang bawat katanungan mula sa seleksyon na iyong binasa.

1. Anong uri ng nilalang ang napangasawa ng lalaki sa kwento?

_____
_____

2. Ano ang anyo ng isang sirena? Ilarawan.

3. Sino ang nabighani sa sirena maliban sa kanyang asawa?

4. Ano ang dahilan ng pagpapahirap ng prinsipe sa binata?

5. Anu-ano ang kahilingan ng prinsipe sa asawa ng sirena? Banggitin ang bawat isa.